TOMO 11 BILANG 3 | ISSN NO. 2599-5405 | MARSO 2024

# SULONG

ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI


Kwentong Tagumpay

Page 2

BUKAS para sa LAHAT CARD INDOGROSIR
Page 3

FROM THE MARGINS
Dr. Jaime Aristotle B. Alip
CARD MRI Founder and Chairman Emeritus

Page 4


# KAUNLARAN CARAVAN NG CARD MRI, INILUNSAD SA MASBATE

ni Harlene Reyes



*Sa pangunguna ng CARD Bank, muling nakapagsagawa ang CARD MRI ng isang Kaunlaran Caravan sa Dimasalang, Masbate upang makapaghatid ng iba't ibang serbisyong pangkaunlaran sa komunidad. Nakatanggap ang halos 700 indibidwal sa samu't saring programa at serbisyong pangkaunlaran gaya ng libreng health check up at livelihood training.*

Isinagawa ng CARD MRI ang kauna-unahan nitong Kaunlaran Caravan ngayong taon sa Dimasalang, Masbate noong Pebrero 8, 2024. Layunin nitong makapagbigay ng iba't ibang programa at serbisyong pangkaunlaran sa lokal na komunidad.

Ang nasabing aktibidad ay inorganisa ng CARD Bank, Inc., isang *microfinance-oriented rural bank* sa ilalim ng CARD MRI. Nakapaghatid ito ng libreng *optical, dental, pre-natal,* at *medical checkup; financial literacy storytelling* para sa mga bata; *livelihood training; nail cleaning; haircut; massage; product development;* at *feeding program* sa 692 mga indibidwal mula sa lokal na komunidad.

Higit pa sa pampinasyal ng produkto at serbisyo, ipinapakita sa programang ito ang dedikasyon ng buong CARD MRI sa makatulong sa komunidad na makaahon mula sa kahirapan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng iba't ibang programang pangkaunlaran. Bilang bahagi ng layuning makapagbigay ng mahahalagang serbisyo sa mga lokal na komunidad, patuloy itong bumubuo ng mga programang magbibigay ng positibong epekto sa mga indibidwal at pamilyang pinagsisilbihan nito.

Kahit sa panahon ng pandemya, hindi natinag ang programa sa pagtulong sa komunidad. Patunay dito ang pagsasagawa ng *Online Kaunlaran Caravan* na inilunsad ng CARD MRI sa gitna ng pandemya. Taong 2023, nang muling nagkaroon ng pisikal na P2

## PANAGHIUSA: A CARD MRI EXPOSURE TOUR PROGRAM, ISINAGAWA SA MASBATE

ni Josephine Ramos



*Dumalo ang pitong media practitioners mula sa Albay at Masbate, kasama ang ilan sa mga pangunahing opisyal ng CARD MRI sa media briefing na ginanap sa Dimasalang, Masbate, noong Pebrero 8, 2024.*

Isinagawa ng CARD MRI ang Panaghiusa: A CARD MRI Exposure Tour Program sa lalawigan ng Masbate noong Pebrero 6-8, 2024 upang bigyang kaalaman ang *media practitioners* tungkol sa layunin ng *microfinance institutions* na wakasan ang kahirapan sa bansa.

Dinaluhan ang programa ng pitong *media practitioners* P2

KWENTONG TAGUMPAY

## HUSAY AT TAGUMPAY SA LARANGAN

ni Josephine Ramos



*Mula sa mano-manong pananahi, nagkaroon na si Josephine Mañaga ng mga modernong makina dahil sa kanyang husay sa larangan ng pananahi at loan mula sa CARD Bank.*

Sa lungsod ng Davao, isang mahusay na mananahi mula sa Sta. Rosa, Laguna, ang nagsimula ng kanyang paglalakbay na nagpabago ng kanyang buhay at nagbigay-daan sa pag-unlad ng lokal na pananahi sa siyudad.

"Dahil napansin ko ang P2

KOA-PINYON:

NAPAKAHALAGANG NALALAMAN NATIN ANG MGA NAPAPANAHONG BALITA LALO'T HIGIT SA ATING MGA NASASAKUPAN. MEDIA ANG ISA SA DAHILAN KUNG BAKIT MAYROON TAYONG MGA BALITA HANGGANG NGAYON.



# KAUNLARAN CARAVAN NG ... P1

Kaunlaran Caravan ang CARD MRI. Sa katunayan, ito na ang ikalawang Kaunlaran Caravan na idinaos ng institusyon mula nang magtapos ang pandemya.

Ang CARD MRI ay isang grupo ng 25 mga institusyon na naglalayong wakasan ang kahirapan sa bansa. Kasama ng iba pang institusyon sa ilalim ng CARD MRI, ang CARD Bank ay tumutulong sa komunidad sa pamamagitan ng paghahatid ng mga serbisyong pampinansyal, programang pang-edukasyon, pangkabuhayan, pangkalusugan at iba pang programang makapagpapaunlad sa komunidad.




# PANAGHIUSA: A CARD ... P1

mula sa Albay at Masbate kabilang sina Jeric Lopez ng BicoldotPH, Raydes Barcia ng Manila Times, Connie Calipay ng Philippine News Agency-Legazpi, Reynard Sevillano ng 89.1 Bicol Idol FM, Pierre De la Peña ng JuanTv.Net, Leopoldo Buenavente ng Mayon Internet TV, at Ilene Panuyas ng Alab Masbate.

Ang mga *media practitioner* ay nagkaroon ng pagkakataong masaksihan ang *center meeting* ng CARD Bank at makapanayam ang mga kliyente ng CARD MRI na gumagawa ng *upholstery*, nagluluto ng *calamares*, at ang delikasiyang *carmelado*. Bumisita rin sila sa mga sangay ng CARD Bank, BotiCARD, at CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA) sa Masbate City upang mas kilalanin ang pagtutulungan ng mga ito na makapagbigay ng malawak na serbisyong pangkaunlaran sa komunidad.

Nasaksihan din nila ang Kaunlaran Caravan, isang aktibidad ng CARD MRI kung saan makikita ang mga pinagsama-samang programang pangkaunlaran nito, na ginanap sa Dimasalang. Dito makikita ang buong serbisyong pangkaunlaran hindi lamang para sa mga kliyente ng CARD MRI kundi maging sa buong komunidad.

Sa huling bahagi ng programa, isinagawa ang *media briefing* na dinaluhan ng *media practitioners* at mga pangunahing opisyal mula sa CARD Bank, CARD MBA, Mga Likha ni Inay (MLNI), at BotiCARD. Layunin nitong maproseso nang tama ng mga kalahok ang mga impormasyong kanilang nakuha mula sa *tour program*.

"Parati nating kinikilala ang malaking ambag ng mga *media* P3

# KWENTONG TAGUMPAY

## HUSAY AT TAGUMPAY SA ... P1

kakulangan ng mga mananahi sa Davao, nilapit ko ito sa kanila upang makatulong at mapaunlad ang aming komunidad," sabi ni Josephine. "Maliit lamang ang kompetisyon dito, at maaari ko ring ipakilala sa mga taga-Davao ang aking mga produktong galing sa pananahi."

Pagdating sa lungsod, nagpakilala si Josephine sa mga lokal na mananahi hanggang sa makilala siya sa larangan. Simula sa isang makina at mano-manong pananahi, ngayon ay may lima na siyang modernong makina upang maging mabilis ang produksyon at makasabay sa pagbabago.

Bilang isang negosyante, sumali siya sa CARD Bank, isang *microfinance oriented rural bank*. Ang kanyang pagsali sa bangko ay naging mahalagang bahagi ng kanyang negosyo. Sa tulong nito, nakabili siya ng mga kagamitang kanyang kinailangan. "Ginamit ko ang aking unang *loan* sa CARD Bank para sa pagbili ng makina sa pananahi," ani Josephine.

Dahil sa kanyang dedikasyon, hindi lamang sa kanyang mga magagandang disenyo nagpakita ang bunga ng kanyang pagsisikap, kundi pati na rin sa kanilang pamumuhay. Sa paglago ng kanyang negosyo, nagkaroon si Josephine ng kakayahang makabili ng sariling lupa at makapagpatayo ng bahay.

Kahit ang pandemya noong 2020 ay hindi naging hadlang sa kanyang pag-unlad dahil naging daan ito para makakuha siya ng mga kliyenteng bumibili ng *personal protective equipment* (PPE) at *face masks* para sa *frontliners*. Napagtagumpayan niya ang pandemya habang nakapagbibigay rin siya ng trabaho sa iba. Sa ngayon, mayroon na siyang tatlong *operator* at anim na mananahi.

Sa hinaharap, hangad ni Josephine na magtagumpay hindi lamang sa larangan ng pananahi sapagkat nais niyang magbigay ng hanapbuhay at oportunidad sa kanilang komunidad.




*Matagumpay na ipinagpatuloy ni Layzel Bocol ang produksyon ng kanyang Coco Sugar at Sinamak sa tulong ng CARD, Inc. at ng kanyang mga empleyado na kanyang itinuturing na pamilya.*

## TAMIS NG PAGKAKATAON

*ni Josephine Ramos*

Ang Pilipinas ay kilala sa malaking produksyon ng niyog at pangalawa sa pinakamalaki sa Timog-Silangang Asya. Noong 2018, may mahigit 347 milyong metrikong tonelada ng ani kada taon at 69 na lalawigan sa Pilipinas ang nagtagumpay sa pagtatanim nito. Ang kalahati ng kabuuang produksyon ay nagmula sa rehiyon ng Davao.

Bukod sa karaniwang gamit ng niyog bilang prutas, gata, at langis, si Layzel Bocol mula sa General Santos City ay gumagamit ng katas nito upang makagawa ng asukal. Ito ang nagbigay sa kanya ng matamis na pagkakataon upang simulan ang kanyang negosyo sa *coco sugar*.

Mula sa Sultan Kudarat, lumipat ang kanilang pamilya sa General Santos nang maging *manager* ang ama ni Layzel sa isang plantasyon ng niyog kaya't maaga siyang nagkaroon ng kaalaman dito. Sa kanyang paglaki, nasaksihan niya ang produksyon ng niyog hanggang sa makagawa ng asukal mula rito. Kaya naman nang may naghanap sa kanila upang gumawa ng *coco sugar*, agad itong tinanggap ni Layzel, sa kasunduang sasagutin ng mamimili ang gastos para sa produksyon nito. Ito ang kanyang naging pagkakataon upang magsimula ng sariling negosyo.

P3

## PANAGHIUSA: A CARD ... P2

sa pagpapalaganap ng tamang impormasyong makatutulong sa pagbuo ng lakas at kaunlaran ng ating bansa. Sa kanilang tulong, mas maipakikilala natin ang adbokasiya ng ating buong industriya at umaasa kami na higit pa natin itong mapalalakas upang matulungan pa ang marami nating kababayan lalo't higit ang mga mahihirap na komunidad sa bansa," ani CARD MRI Publishing House President Marilyn Manila.

Inaasahan ang susunod na Panaghiusa: A CARD MRI Exposure Tour Program sa Abril 2024 sa Misamis Occidental.

## TAMIS NG ... P2

Bagama't kulang ang pondo mula sa kanyang mamimili, hindi ito naging hadlang kay Layzel. Naging suporta niya ang CARD, Inc. (A Microfinance NGO) kung saan ang kanyang mga naging *loan* ay nakatulong sa pagpapatakbo ng kanyang negosyo. Ngunit, sinubok siya ng panibagong pagsubok nang dumating ang COVID-19 na naging dahilan sa pagbaba ng kanilang produksyon. Dahil sa kanyang dedikasyon, napapagtagumpayan niya ito at muling nakabangon noong 2022.

Sa kasalukuyan, ang produksyon ng *coco sugar* ni Layzel ay umaabot ng 150-200 kilo kada araw. Ang mga natirang katas naman ng niyog na hindi agad nagawang *coco sugar* ay ginagamit sa paggawa ng sinamak, isang uri ng suka. Dahil sa lupa kung saan galing ang mga sangkap at 20 mga empleyado, patuloy na umuunlad ang kanyang negosyo. Ito ang nagbigay sa kanya ng pagkakataong makabili ng lupa at sasakyan, at mas maging maginhawa ang kanilang pamumuhay.

Ibinahagi rin ni Layzel ang kahalagahan ng isang matatag na samahan, "Ang pagtrato sa iyong mga empleyado bilang pamilya ay nagpapalalim ng ugnayan at pagkakaisa sa inyong layunin, at ito'y magiging gabay sa inyong tagumpay." pagtatapos niya.






# BUKAS para sa LAHAT




Sa pagtutulungan ng CARD MRI at Salim Group of Indonesia, binuksan ang dalawang *CARD Indogrosir Store* sa lalawigan ng Laguna upang mag-alok sa mga *retailer* at *sari-sari store owner* ng mga de-kalidad at abot-kayang mga produkto.

Nagbukas ang dalawang sangay ng CARD Indogrosir sa Brgy. Santa Clara Sur, Pila at sa Bayani's Compound Brgy. 1, Calamba City noong Pebrero 16 at 20, 2024.

Ang CARD Indogrosir ay patuloy na magbubukas ng mga sangay nito upang makatulong at maglingkod sa maraming *sari-sari store owners* at komunidad sa buong bansa.

# ANNIVERSERBISYO

PAGGUNITA AT PASASALAMAT

Ipinagdiwang ng CARD MRI Information Technology, Inc. (CMIT) ang kanilang ika-14 na taong anibersaryo ng paghahatid ng makabagong *IT solution* sa buong CARD MRI noong Marso 12, 2024. Layunin nitong makapagbigay nang mas mabilis at mahusay na mga serbiyo na makatutulong sa pagpapaunlad ng komunidad.

Sa pamamagitan ng inobasyon at paggamit ng makabagong teknolohiya, natutulungan ng CMIT ang buong CARD MRI na mas maging epektibo sa pagtugon sa iba't ibang pangangailangan ng mga kliyente nito sa pamamagitan ng teknolohiya. Sila ang nagiging tagapanguna sa pagbibigay ng solusyon sa kakulangan ng akses sa teknolohiya upang pantay na mabigyan ang buong komunidad, lalo't higit ang mga mahihirap, nang pantay na oportunidad.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa CMIT, bisitahin lamang ang kanilang *official website* sa https://www.cardmri.com/cmit/.

SULONG ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI
EDITORIAL BOARD

Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Aristeo A. Dequito Marilyn M. Manila
Editorial Advisers

Cyrene Grace DC. Lubigan
Editor-in-Chief

Jeffrey C. Tandingan
Associate Editor

Albert A. Dayag
Ervin M. Calabia
Layout Artists

Edrian B. Banania
Harlene Joy F. Reyes
Josephine M. Ramos
Mary Rose A. Javier
Writers




# KWENTUNAY

*Mga Kwentong Tunay mula kay Nanay*




## PITCHI-PITCHI: HALINA'T MATUTO NITO MULA KAY TITA MELANIE

Ang paggawa ng kakanin gaya ng *Pitchi-Pitchi* ang naging negosyo ni Melanie Ibañez, isang kliyente ng CARD MRI Rizal Bank. Ito ay kanyang nasimulan dahil sa pamilya ng kanyang asawa na gumagawa ng *Filipino delicacies*. Ang paggawa ng *Pitchi-Pitchi* ay ang naging susi ni Melanie sa pag-unlad.

Mula kay Melanie, narito ang gabay sa paggawa ng *Pitchi-Pitchi*;

Sangkap at materyales na kailangan:

1. Kamoteng Kahoy
2. Asukal
3. Evaporada
4. Condensada
5. Tubig
6. Lihiya *water*
7. *Cheese*
8. Kutsilyo
9. *Brush*
10. Yadyaran
11. Palanggana
12. *Molder*
13. *Steamer*
14. *Food box*

Proseso na kailangan:

1. Alisin ang balat ng kamoteng kahoy gamit ang kutsilyo.
2. Pagkatapos balatan, hugasan ito gamit ang *brush* para matanggal ang mga lupa at maging malinis ito.
3. Yadyarin ang kamoteng kahoy gamit ang yadyaran o makina.
4. Matapos yadyarin, tingnan at alisin ang mga buo-buo o matigas na piraso ng kamoteng kahoy.
5. Isalin ito sa palanggana para timplahan.
6. Ilagay ang mga sangkap gaya ng asukal, evaporada, condensada, tubig at lihiya *water*.
7. Haluin itong mabuti hanggang sa matunaw na ang mga sangkap.
8. Matapos haluin, ilagay ito sa *molder* at isalin sa *steamer* sa loob ng 20 minuto.
9. Hanguin at tanggalin ang *Pitchi-Pitchi* sa *molder*.
10. Ilagay ito sa *Food box* o kahit anong lalagyan. Budburan ito ng *cheese* sa ibabaw.

Masarap at kakaibang tamis ang hatid ng *Pitchi-Pitchi*, kaya siguradong mag-eenjoy ka! Ano pang hinihintay mo? Ihanda mo na ang mga sangkap at materyales na kailangan!

# CROSSWORD PUZZLE


Subukan mo na ang iyong kaalaman mula sa iyong mga nabasang kwento at impormasyon mula sa Sulong 11 bilang 3 at manalo ng **PHP 100.00** load via konek2CARD!

Upang manalo, sundin lamang ang mga patnubay na ito:

1. Siguraduhing nabasa nang mabuti ang nilalaman ng isyung ito bago magsimulang sagutan ang crossword puzzle na ito.
2. Basahin sa ibaba ang mga pangungusap na naglalarawan sa mga salitang iyong ilalagay sa mga kahon ng Crossword Puzzle.
3. Kuhanan ng litrato ang iyong nabuong Crossword Puzzle at ipadala sa Facebook page ng CARD MRI Publishing House sa **@PublishingHouseInc**, kasama ng inyong name, center name, institusyon at cellphone number.

Ang unang sampung (10) magpapadala nang tamang sagot hanggang **April 30, 2024** ang makatatanggap ng papremyo.

Sali na!




**Pababa:**

1. Ito ay bahagi ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) na nakatuon sa pagbibigay ng makabagong IT solutions sa buong CARD MRI.
2. Ang Pilipinas ay kilala sa malaking produksyon ng _____ at pangalawa sa pinakamalaki sa Timog-Silangang Asya.
4. Ito ay isang microfinance film fest na sinimulan ng CARD MRI na naglalayong ipakita ang mga natatagong talento ng mga kliyente at kawani ng microfinance institutions sa larangan ng pelikula.
8. Bukod sa probinsya ng Masbate, saang lalawigan pa nagmula ang pitong media practitioners na dumalo sa naganap na CARD MRI Exposure Tour Program noong Pebrero 6-8, 2024?

**Pahalang:**

3. Ito ay isang klase ng kakaning gawa sa kamoteng kahoy at naging negosyo ni Melanie Ibañez na isang kliyente ng CARD MRI Rizal Bank.
5. Ito ang tawag sa Exposure Tour Program ng CARD MRI na nagbibigay kaalaman sa media practitioners tungkol sa layunin ng microfinance institutions na wakasan ang kahirapan sa bansa.
6. Ito ay isang modernong transportasyong ipinakilala ni Jennifer Suico at ng kanyang asawa sa kanilang komunidad.
7. Saang lalawigan isinagawa ang Kaunlaran Caravan noong Pebrero 8, 2024?
9. Bukod sa bayan ng Pila, saan pa nagbukas ng sangay ang CARD Indogrosir noong Pebrero 2024?